

**MGA MADALAS NA KATANUNGAN TUNGKOL SA ABISO NG NAIMUNGKAHING
PAGTATALAGA NG TUNTUNIN (NOTICE OF PROPOSED RULEMAKING o NPRM)
HINGGIL SA KAWALAN NG DISKRIMINASYON NA MAY KAUGNAYAN SA
KARAPATAN BILANG MAMAMAYAN**

1) Ano ang NPRM at bakit nagpasya ang EPA na gawin ang mga pagsusog sa ipinapatupad na tuntunin ngayon?

Ang kasalukuyang NPRM ay isa sa maraming mga hakbang na ipinapatupad para matiyak ang mabilis, mabisa at episyanteng pamamahala sa mga listahan ng reklamo hinggil sa kawalan ng diskriminasyon na may kaugnayan sa karapatan bilang mamamayan at para mapahusay ang proactive na programa sa pagsusunod sa mga tuntunin ng Office of Civil Rights (OCR). Mula pa noong 2010, itinalaga ng EPA ang parehong isang panlabas na pagrerepaso ng External Compliance Program nito ng Deloitte Consulting, at ng isang internong pagrerepaso ng Civil Rights Executive Committee ng EPA. Ayon dito, bilang bahagi ng mga pagsisikap nito para makalikha ng isang matatag na programa sa pagsusunod sa mga tuntunin bago at makalipas ang paggawad nito (tinutukoy sa Karagdagan sa Blangkas ng Plano na EJ sa taong 2014 ng EPA na may petsang Abril 12, 2012), sinimulan ng EPA ang proseso ng muling pagtatasa sa mga regulasyon nito upang makilala kung align gma data at impormasyon ang kasalukuyan nang nakuha nito mula sa mga "recipient (tatanggap)". Ang prosesong ito ay nagresulta sa pag-benchmark ng EPA sa mga regulasyon nito laban doon sa iba pang mga ahensya ng gobyerno at ang desisyon ng EPA para tumalima ang mga regulasyon nito sa higit sa dalawampung iba pang ahensyang pederal. Ang NPRM na ito ay isa lang sa maraming mga hakbang, na mas ganap na nakasaad ang mga detalye sa Office of Civil Rights External Compliance at sa Complaints Program Draft Strategic Plan 2015-2020 (ipinalabas sa website ng OCR na maaaring sulatan ng mga komento noong Setyembre 10, 2015), para maitaguyod ang kritikal sa misyon na programa at matiyak ang isang agad, mabisa at episyenteng pamamahala sa listahan ng mga reklamo.

2) Bakit iminumungkahi ng EPA na alisin ang mga deadline sa pagpo-proseso at pag-iimbestiga ng panlabas na reklamo hinggil sa kawalan ng diskriminasyon?

Natuklasan ng EPA na ang pagpo-proseso at pag-iimbestiga ng mga reklamo hinggil sa kawalan ng diskriminasyon sa loob ng mga sariling ipinatupad at hindi mababagong deadline ay hindi praktikal ayon sa parehong likas na siyentipikong kaguluhan na may kaugnayan sa pag-aalam kung paano naaapektuhan ang populasyon ng mga pollutant sa kapaligiran at ang bilang ng mga alegasyon ng diskriminasyon at teorya na maaaring ipahayag sa iisang reklamo sa ilalim ng Title VI o ng iba bang mga batas hinggil sa kawalan ng diskriminasyon. At, kinikilala rin ng EPA na marahil ay maraming mga posibleng pamamaraan para sa resolusyon, kasama na ang di pormal na resolusyon at ang Alternative Dispute Resolution (Alternatibong Resolusyon sa Di Pagkakasunduan), kahit na para sa mga kaso na nagpapahayag ng matitinding paghahabol hinggil sa kalusugan, na susubaybayan ng EPA, kung kailan naaangkop. Sa pamamagitan ng pagtatanggal sa mga deadline na naaayon lang sa sariling pagpapasya, mas maayos ang EPA sa pangangasiwa ng administratibong listahan ng mga reklamo nito sa pamamagitan ng pagkikilala

sa mga partikular na aspeto ng bawat isang reklamo, tulad ng mga reklamo na nagpapakita ng posibilidad ng isang resolusyon na magdudulot ng malaking epekto. Dagdag pa dito, sisiyasatin rin ng EPA ang pinakamainam na opsyon sa paglulutas noong mga reklamo, kabilang na ang mga pinasadyang layunin at benchmark para sa mga partikular na yugto ng bawat isang kaso, kaysa sa isang "kuwadradong" pamamaraan na ipinapalagay na ang lahat ng mga kaso ay dapat na sumunod sa pare-parehong pamamalakad, estratehiya sa paglulutas o resolusyon, at mga takdang panahon sa paglulutas. Ang pagpapasadya ng angkop na paraan ng paglulutas sa bawat isang reklamo batay sa bukod tanging modelo ng mga katotohanan at legal na mga isyung ipinakita, ay higit pang magpapahintulot sa EPA na makapaglaan ng nararapat na tagal ng panahon at mga dulugan para malutas ang bawat isang reklamo.

3) *Ang pagsusog bang ito ay magreresulta sa mga karagdagang pagkakaantala sa pagpoproseso ng mga reklamo hinggil sa kawalan ng diskriminasyon?*

Hindi. Ang EPA ay may pananagutan na titiyakin nitong ang mga programa at aktibidad na tumatanggap ng pinansiyal na tulong mula sa EPA ay malaya mula sa diskriminasyon. Tulad nang nakalarawan sa Ulat ng Civil Rights Executive Committee, ginawa ng EPA na isa sa mga prioridad nito ang pamamahala at pangangasiwa sa External Compliance na programa nito. Ang External Compliance Strategic Plan para sa taong 2015-20 ng OCR ay nagtataguyod ng pananagutan mula sa programa na kritikal sa misyon sa pamamagitan ng mga hakbang na: 1) tiyakin ang agad, mabisa at episyenteng pamamahala sa listahan ng mga reklamo; 2) mapahusay ang programa ng panlabas na pagrerepaso ng OCR sa pamamagitan ng proactive na pagrerepaso sa pagsunod sa tuntunin, estratehikong paglilikha ng patakaran, at pagiging bahagi ng mga mahahalagang EPA, pederal at panlabas na kapartner at stakeholder (hal., mga recipient (tatanggap) at mga komunidad); at 3) palakasrin ang mga manggagawa ng OCR sa pamamagitan ng estratehikong pagpapalano ng ipupuhunang mga tauhan, paglilikha ng maayos na organisasyon at mga mapagkukuhanan ng impormasyon at tulong para sa teknolohiya at pagsasanay para mataguyod ang mabuting pagganap ng organisasyon

Mahalagang tandaan na kahit na alisin ang mga deadline na naaayon lang sa sariling pagpapasya, dapat ay agad na maproseso at maimbestigahan ng EPA ang mga reklamo. Ang EPA ay may ganap na pananagutan sa pagpoproseso ng mga reklamo sa mabilis na paraan. Ang pagtatanggal sa mga deadline ay hindi nagpapahintulot sa EPA na walang katuwirang ipaantala ang paglulutas nito sa mga reklamo dahil, bilang bahagi nito, ang kahulugan ng isang mabilis na imbestigasyon at resolusyon ay nagpapasimula sa batay sa katotohanan na nilalaman ng reklamo. Sa katunayan, ang lengguwahe sa iminungkahing tuntunin ay alinsunod sa inutos ng hukuman na kinikilalang anumang takdang panahon para sa imbestigasyon ay maaaring maapektuhan ng tindi o lawak ng saklaw na isyu na nakasaad sa reklamo.

4) *Mayroon bang anumang bagay na pinaplanong gawin ng EPA para mapataas ang pananagutan sa kabuuan ng External Compliance Program nito?*

Oo. Sa ilalim ng bawat Layunin na tinukoy sa External Compliance Strategic Plan ng OCR para sa taong 2015-2020, tiniyak ng EPA ang mga partikular na benchmark para matiyak ang pag-aako ng pananagutan, na lubos na makaka-apekto sa mga pamamalakad sa pagpapatupad ng

External Compliance na Programa, kabilang na ang: 1) ang pagbubuo at pagpapatupad ng isang malawakang saklaw na Case Resolution Manual (Manwal sa Resolusyon ng Kaso) na tutugon sa lahat ng mga yugto ng proseso ng resolusyon ng kaso, kasama na ang pagbibigay diin sa ilang mga inaasahang aktibidad na inaasahang magaganap sa sandaling ang reklamo ay natanggap; 2) ganap na paggamit ng lahat ng mga opsyon para sa resolusyon na mayroon, kasama na ang di pormal na resolusyon at Alternative Dispute Resolution (Alternatibong Resolusyon sa Di Pagkakasunduan); 3) ang pagbubuo at pagpapatupad ng isang awtomatikong sistema ng pamamahala ng kaso; 4) ang pagbubuo at pagpapalabas ng Compliance Toolkit (Toolkit sa Pagsunod sa Mga Tuntunin) na magbibigay gabay sa mga recipient (tatanggap) hinggil sa kanilang mga obligasyon sa ilalim ng karapatan bilang mamamayan; 5) panatiling maayos ang paggana ng isang user-friendly na Website na may kasamang mga dokumento ukol sa desisyon ng korte, at ib pang mga mahahalagang dokumento ayon sa pagkaaangkop ng mga ito; 6) ang paglilikha ng taunang ulat na tumutugon sa mga natamo ng External Compliance na programa; at 7) pinalawak na pagsasanay at pagbubuo para mabigyang kapangyarihan ang mga staff ng OCR ng mga kagamitan na kakailanganin nila para makumpleto ang trabaho.

5) Nangangahulugan ba na ang pagtatanggal ba ng EPA ng sanggunian sa imbestigasyon ng lahat ng mga reklamo sa panimulang teksto ng 40 CFR 7.120 na mas maraming tatanggihan na kaso ang EPA?

Hindi, hindi isinasagawa ng EPA ang mungkahi na ito para matanggihan ang mas maraming mga kaso. Ang iminumungkahing kaunting pagsasaayos ay hindi magbabago sa mga dahilan ng pagpapawalang sagsay sa isang reklamo kung saan umasa ang EPA at ang iba pang mga ahensya. Sa halip, ang iminumungkahing pagsusog sa lengguwahe ay lumilinaw sa pagpapasya ng ahensya na sundin ang isang pamamaraan ng resolusyon batay sa mga partikular na katotohanang ibinigay sa bawat kaso. Gagawin nitong alinsunod ang regulasyon ng EPA doon sa higit sa dalawampung iba pang mga ahensya, na isa pang hakbang papalapit sa paglalakbay ng ahensya para makapagtatag ng isang huwarang Civil Rights Program (Programa para sa Karapatan Bilang Mamamayan). Ninanais rin ng EPA na makasunod sa namamahalang teksto ng mga kaanib na ahensya nito para mapatotohanan na hindi ito hangarin na magpatupad ng isang takdang pamamaraan lang para sa resolusyon.

6) Ang pagtatanggal ba na ng "dahilan para maniwala na mayroong diskriminasyon" na lengguwahe ay lalong nagbabawas sa kapangyarihan ng mga recipient (tatanggap) sa di makatuwirang paghahanap?

Hindi, ang pagtatanggal sa lengguwaheng ito ay hindi makakabawas sa kapangyarihan ng mga recipient (tatanggap) para sumailalim sa mga pagrerepaso sa pagsunod sa tuntunin dahil kailangan pa rin sumunod ng EPA sa Fourth Amendment tungkol sa pagpili ng mga target nito para sa pagrerepaso sa pagsunod sa tuntunin. Hindi random na pipiliin ng EPA ang mga target para sa pagrerepaso sa pagsunod sa tuntunin. Sa halip, ang mga site kung saan isasagawa ang pagrerepaso sa pagsunod sa tuntunin ay maingat na pipiliin batay sa bilang ng nauugnay na kriterya, kabilang na ang data ng statistics, mga naunang reklamo, mga ulat ng iba pang opisina ng EPA, impormasyon na binigay ng iba pang ahensyang pederal, at iba pang tiyak at maaasahang impormasyon mula sa mga komunidad at iba pang mga pinagkukuhanan ng impormasyon. Higit pa dito, patuloy na ipapasadya ng EPA ang mga kahilingan nito ng

karagdagang impormasyon mula sa mga recipient (tatanggap) sa pagkatapos ng paggawas ng pagrerepaso sa pagsunod sa tuntunin para makakuha ng data at impormasyon na mahalaga sa pagpapasya kung sumusunod sa patakaran o hindi. Sa iminumungkahing tuntunin, ang EPA ay: 1) tiyakin na ang mga recipient (tatanggap) ng pinansiyal na tulong mula sa EPA ay sumusunod sa kanilang mga obligasyon para sa kawalan ng diskriminasyon, bago ihain ang reklamo o isinsagawa ang isang matagalang imbestigasyon; at 2) gawing umaalinsubod ang mga regulasyon ng EPA doon sa higit sa dalawampung iba pang mga ahensyang pederal na nagtatag ng mga programa para sa pagrerepaso sa pagsunod sa tuntunin na alam na ng mga recipient (tatanggap).

7) *Sa pagtatantiya ng gastusin, may talakayan na nilalayan ng EPA na gumamit ng "may mga yugto" na pamamaraan para sa pagbubuo ng programa para sa pagrerepaso sa pagsunod sa tuntunin, ano ang kahulugan nito?*

Ang may mga yugto na pamamaraan ay nagpapahintulot sa EPA na makabuo ng isang matatag na programa para sa pagrerepaso sa pagsunod sa tuntunin, habang pinapahintulutan ito na matuto mula sa mas limitadong paunang programa at magkaroon ng mas maraming magagamit na dulugan habang lumawak ang programa. Ang Proactive Compliance Program ng OCR ay may kasamang mga pagrerepaso sa pagsunod sa tuntunin at pagbubuo ng isang estratehikong patakaran at proactive na pakikisali ng mga mahahalabang panloob at panlabas na partner at stakeholder tulad ng mga recipient (tatanggap) at komunidad.

8) *Bakit iminumungkahi ng EPA na magsumite ang mga recipient (tatanggap) ng mga ulat tungkol sa pagsunod sa tuntunin?*

Ang pangangalap ng data sa pagsunod sa tuntunin na ito ay nagpapahintulot sa EPA na mas maging proactive sa pagtutukoy ng mga problema bago pa man dumating ang mga ito sa isang antas na magiging isang reklamo, at para makilala ang mga gawi sa mga recipient (tatanggap) nito hinggil sa pagsunod sa tuntunin sa mga batas hinggil sa kawalan ng diskriminasyon. Ang nasabing pangangalap ng data at impormasyon ay alinsunod sa Title VI Coordination Regulation ng Department of Justice, na hinihiling mula sa mga ahensyang pederal na "sustentuhin ang pangangalap ng data at impormasyon mula sa mga aplikante at mga recipient (tatanggap) ng tulong mula sa pederal na sapat para mapahintulutan ang mabisang pagpapatupad ng Title VI." 28 C.F.R. §42.406(a). Dagdag pa dito, tulad nang naipakita ng mga kaanib na ahensya, ang matagumpay na programa para sa pag-uulat ng pagsunod sa tuntunin ay maaaring isang napakahalang kagamitan sa pamamahala ng listahan ng iimbestigahan na reklamo, sa pamimili ng mga recipient (tatanggap) para sa mga pagrerepaso sa pagsunod sa tuntunin, at pagsasagawa ng natarget na pagaabot-kamay para makapagkaloob ng teknikal na tulong.

9) *Bakit naglalaman ang pagtatantiya sa gastusin ng EPA ng mga detalye tungkol sa bilang, dalas at posibleng nilalaman ng mga ulat ng pagsunod sa tuntunin, pero ang paunang salita sa NPRM ay nakasaad na hindi pa nakukumpleto ng EPA ang mga detalyeng iyon?*

Ang pagsasama sa pagtatantiya ng gastusin ay isang kinakailangang bahagi ng anumang namamahalang listahan. Ngunit, nais na makipagtulungan ng EPA sa mga stakeholder nito para

malikha ang mga ulat na ito at hindi nais na magkaroon ng iisang takdang ideya kung anong impormasyon ang nararapat na kasama sa ulat ng pagsunod sa tuntunin, ang kadalasan ng paghiling sa mga ulat, o ang pagbibigay prioridad kung aling mga recipient (tatanggap) ang inaasahan na magsusumite ng nasabing mga ulat. Malugod na inaasahan ng EPA ang karagdagang mga talakayan sa lahat ng mga stakeholder tungkol sa pagsunod sa tuntunin na pag-uulat batay sa dati nang hinihiling ng iba pang mga ahensyang pederal at batay sa mga ginagawa na ng iba pang mga estado.